

What do you
think of **our 2022-23 Annual Plan?**

Have your say
until **20 May**

Panimula

Ang 2022-23 na Taunang Plano ng Konseho ng Lungsod ng Hamilton ay ang badyet at programa sa trabaho para sa ika-2 Taon ng Pangmatagalang Plano sa 2021-31. Tinitingnan ng Taunang Plano kung paano namin maihahatid at mapopondohan ang sinabi namin na aming gagawin, at kailangang gawin, sa paparating na taon ng pananalapi bilang bahagi ng Pangmatagalang Plano. Pagkakataon din namin ito na suriin para makita kung mayroong anumang mga pagbabago na kailangan naming gawin, upang matugunan kung ano ang nangyayari sa ating komunidad at ang epekto ng anumang panlabas na salik sa aming organisasyon.

Ang magandang balita ay maisasagawa ng Konseho sa tamang oras ang sinabi namin na aming gagawin sa 2022-23 gaya ng nakalagay sa Pangmatagalang Plano sa 2021-2031.

Gayunpaman, sa taong ito ay mayroon ding isang malaking hamon na hindi namin inasahan noong pinagsama-sama ang badyet para sa ika-2 Taon ng Pangmatagalang Plano – ang pagtaas ng mga gastos na pangunahing sanhi ng mataas na rate ng implasyon na nararanasan ng New Zealand.

Ang aming plano at pagpopondo para sa 2022-23

Kada tatlong taon ay itinatakda natin ang ating badyet at programa sa trabaho para sa susunod na dekada at ang pinakabagong bersyon ay ang ating Pangmatagalang Plano sa 2021-31. Para mabuo ang ating Pangmatagalang Plano sa 2021-31, nakipagtulungan kami sa ating mga residente upang masalamin nito ang mga adhikain na mayroon sila para sa Hamilton Kirikiriroa. Ang mga proyektong nakaplano para sa 2022-23 ay nakatuon sa limang prayoridad ng Konseho sa paghubog sa:

Isang lungsod na magaan sa paninirahan

Isang lungsod kung saan umuunlad ang ating mga tao

Isang sentrong lungsod kung saan gustong-gusto ng mga tao

Isang masayang lungsod

Isang luntiang lungsod

Maaari mong makita ang buong listahan sa shapingourcity.hamilton.govt.nz.

Mga presyon sa gastos at implasyon

Kapag itinatakda namin ang ating mga badyet para sa bawat taon sa Pangmatagalang Plano, palagi kaming may pagtataya para pahihintulutan ang potensyal na pagtaas sa gastusin.

Batay sa tagubilin mula sa Business and Economic Research Limited, para sa 2022-23 nagtayo ipinaloob namin ang pagtaas ng 2.5% para sa mga tauhan, 2.9% para sa lahat ng iba pang gastusin sa pagpapatakbo, at 3% para sa pagbuo ng mga bagong proyektong kapital (mga tubo, kalsada, pasilidad atbp).

Ngunit ang mga isyu tulad ng epekto ng COVID-19 sa suplay ng paggawa at mga materyales, ang pandaigdigang kawalan ng katiyakan na dulot ng pagsalakay ng Russia sa Ukraine, at ang pagtaas ng mga rate ng interes ay lumikha ng mga pagtaas ng gastos nang mas malaki kaysa sa inaasahan sa ngayon, at inaasahan naming magpapatuloy ang mga ito.

Bukod dito, nahaharap din tayo sa malaking itinaas ng singil sa ating kuryente, at may malaking pamumuhunan na kinakailangan upang maprotektahan ang ating mga system mula sa mga pag-atake sa cybersecurity.

Ang iminungkahing tugon ng konseho sa mga presyon sa gastos at implasyon

Isinaalang-alang ng Konseho itong nasimulan na at nais tiyakin na may sapat na pera sa badyet upang maihatid ang sinabi namin na aming gagawin. Samakatuwid, iminumungkahi namin na dagdagan ang aming mga badyet upang bigyang-daan ang 5% pagtaas ng gastusin sa mga tauhan at gastusin sa pagpapatakbo, 3% pagtaas ng gastusin para sa mga palagiang gastos sa mga proyektong kapital, at 7% pagtaas ng gastusin para sa mga proyektong kapital na tinasang mas malamang na sumailalim sa implasyon. Mangungutang tayo upang matakpan ang kakulangan sa pagpopondo at mapanatili ang karaniwang taunang pagtaas ng rate sa 4.9% itinakda natin sa Pangmatagalang Plano. Labas ang paggamit ng utang kung babalansehin natin ang mga aklat sa loob ng isa pang taon at matutugunan natin ang aming pagbabalanse sa mga target ng aklat sa loob ng dalawang taon (2024-25), na ibig sabihin ang araw-araw na kita ay makatutugon sa pang-araw-araw na gastusin mula sa taong ito.

Ang mga pagpipilian na maaaring gawin ng Konseho ay (mangyaring piliin ang sinusuportahan mo):

- Dagdagan ang mga badyet at takpan ito sa pamamagitan ng paghiram (ito ang iminumungkahi ng Konseho)
- Dagdagan ang mga badyet at takpan ito sa pamamagitan ng pagtaas sa mga rate
- Bawasan ang paggasta sa mga proyektong nakaplano sa Taunang Plano upang matakpan ang tumaas na gastusin.

Nagdaragdag din ang Konseho ng ilang bagong proyekto sa badyet sa taong ito bilang tugon sa mga mahahalagang isyu na tinukoy ng ating komunidad. Ang mga ito ay:

Proyekto	Ano ito	Gastos sa proyekto
Pondo ng komunidad sa pagtanggap	Isang bagong pondong gawad na \$75,000 kada taon (kasama ang \$25,000 na kontribusyon mula sa Imigrasyon ng New Zealand) na magagamit ng mga organisasyong pangkomunidad upang magagamit para sa pagpapatupad ng mga proyekto mula sa aming Plano sa Pagtanggap. (pop out link sa Plano sa Pagtanggap)	\$75,000 kada taon
Lupang Libingan	Ang pagtaas sa antas ng serbisyo sa Hamilton Park Cemetery sa pamamagitan ng pagsasagawa ng naka-iskedyul na indibidwal na pag-uukit ng 12,500 plake sa Lupang Libingan.	\$75,000 kada taon at minsanang gastos sa kapital na \$40,000

Plano ng paglalakbay sa paaralan	Isang bagong programa upang suportahan ang pagbuo ng mga plano sa paglalakbay sa paaralan. Hinihikayat ng plano sa paglalakbay sa paaralan ang mga komunidad ng paaralan na pag-isipan ang tungkol sa kung paano sila nakararating sa paaralan, isama ang ilang ehersisyo sa kanilang pagbiyahe at bawasan ang pagsisikip ng trapiko sa paligid ng mga paaralan, na ginagawang mas ligtas, mas malusog, at mas napapanatili ang pagpunta at pag-uwi mula sa paaralan.	\$70,000 kada taon
Imprastruktura ng inuming tubig	Pagbibigay-prayoridad sa dalawang proyektong kailangang mangyari ngayon sa halip na sa susunod para sa ating suplay ng tubig – ang linya ng tubig sa Timog Hamilton at ang pag-upgrade sa Pukete Reservoir pump station.	Minsanang gastos sa kapital na \$1.2 milyon
Kuryente ng Pukete Wastewater Treatment Plant	Pagpapabuti sa katatagan ng suplay ng kuryente sa Pukete Wastewater Treatment Plant upang matiyak na mayroong suporta sa suplay ng kuryente para sa tuloy-tuloy na paglilinis sa wastewater kung mawalan ng kuryente	\$50,000 kada taon kasama ang minsanang gastos sa kapital na \$4.3 milyon
Pukete Wastewater Treatment Plant – mga emisyon	Upang imbestigahan kung paano natin mababawasan ang mga emisyon at paggamit ng enerhiya sa Pukete Wastewater Treatment Plant.	Minsanang gastos na \$100,000
Peacocke Neighbourhood Park	Pagpopondo para sa parke ng komunidad sa loob ng Peacocke Stage One.	Ang halaga ay sasailalim sa mga komersyal na negosasyon
Parke ng komunidad sa Rotokauri	Pagpopondo para sa pagbili ng isang parke ng komunidad sa loob ng Hilagang Rotokauri.	Ang halaga ay sasailalim sa mga komersyal na negosasyon
Lansangan ng Onion	Inilalapit ang gastos sa disenyo para sa muling pagsasaayos sa Lansangan ng Onion.	Minsanang gastos sa kapital na \$595,000